Public education
**Discover a world of opportunities**

TAGALOG

0 hanggang 4 na taon

# MATUTO SA BAHAY



Department of **Education**

Mga aktibidad at masasayang ideya para matulungan ang mga anak mong matuto sa bahay. Para sa mga magulang/tagapag-alaga ng mga batang bata.

# ANO ANG NASA LOOB


| | |
|---|---|
| Matuto sa bahay | 3 |
| Pagkuha ng mga sandali ng pagtuto | 4 |
| Masaya magbasa araw-araw – at mahalaga | 5 |
| Matuto tungkol sa mundo | 7 |
| Matutong tumuon at mag-concentrate | 7 |
| Mga paraan upang ma-develop ang mga kahusayan sa matematika, pagbabasa at pagsusulat | 8 |
| Pagpapalaki ng mga masasayang bata | 10 |
| Malusog na katawan, malusog na isipan | 12 |
| Paglilibang at pagtuto gamit ang teknolohiya | 14 |
| Suporta para sa mga pamilyang may mga batang bata | 15 |
| Pagsisimula sa paaralan | 16 |



**PAMAGAT:** Pagtuto sa bahay – 0 hanggang 4 na taon: Mga aktibidad at masasayang ideya para matulungan ang mga anak mong matuto sa bahay. Para sa mga magulang/tagapag-alaga ng mga batang bata.

NUM ng SCIS: 1701239
ISBN: 978-0-7307-4560-0



© Department of Education
Western Australia 2015

Ang publikasyong ito ay maaaring malayang kopyahin nang buo o bahagi sa anumang format sa isang edukasyong institusyon para sa mga layuning hindi-komersiyal na edukasyon


Ang materyal na ito ay makukuha kapag hiniling sa mga angkop na alternatibong format.


**Department of Education**
151 Royal Street
East Perth WA 6004
T: 9264 5803
W: education.wa.edu.au






© Department of Education, Western Australia 2015



# MATUTO SA BAHAY

## Ang utak ng mga anak mo ay ‘trabahong isinasagawa!’

Sa unang ilang taon ng buhaay, mabilis na tumutubo ang utak. Ang mga karanasan na mayroon ka sa mga anak mo sa mga taong ito ay napakahalaga. Sa paglikha ng nakalilibang, masaya at ligtas na tahanan, tinutulungan mo silang magkaroon ng pagmamahal sa pagtuto.

## Paano pinakamahusay matututo ang mga bata

Pinakamahusay natututo ang mga bata kapag sila ay masaya, ramdam na ligtas at may mga kaaya-ayang bagay na nakikita at gagawin. Ang mga pang-araw-araw na aktibidad na ibinabahagi mo sa mga anak mo ay mga makakapangyarihan na pagkakataong matuto.

Hindi mo kailangang pormal na ‘magplano’ pata matuto sa bahay – natural itong mangyayari sa pamamagitan ng mga simpleng aktibidad, mga karanasan, mga laro at pagbabasa na ibinabahagi mo araw-araw sa iyong mga anak.

Likas na mausisa ang mga bata, puno ng mga ideya at nais matuto tungkol sa mundong nakapaligid sa kanila. Natututo sila sa paglalaro, panonood, pakikinig, pagtatanong, pagsasalita, pagkakaroon ng oras para mag-isip, pagsubok at paggawa ng mga bagong bagay, at panonood sa mga tugon ng mga tao sa paligid nila.

Maraming bagay ang buklet na ito na magagawa niyo ng mga anak niyo sa bahay para suportahan ang kanilang pagtuto at pag-unlad.

© Department of Education, Western Australia 2015

# PAGKUHA NG MGA SANDALI NG PAGTUTO

Nangyayari ang pagtuto sa pamamagitan ng mga pang-araw-araw na karanasan, katulad ng mga aktibidad sa bahay, paglalakad at pagalugad ng kapitbahayan niyo. Sulitin ang mga sandaling ito kasama ang inyong mga anak.

Halimbawa, kapag nagsasampay ng nilabhan, pwede niyong pag-usapan ang mga uri ng damit, uriin ang mga bagay, bilangin ang bilang ng mga sipit at pag-usapan ang mga kulay. Matutulungan nito ang batang makabuo ng mga konsepto at matuto ng mga bagong salita.

## Ano ang magagawa ko?

- Gawing nakalilibang ang pagtuto.
- Sundan ang mga interes at pinipili ng iyong mga anak – at bumuo mula dito.
- Bigyan ang anak mo ng panahon para lutasin ang mga problema at ulitin ang mga bagay.
- Maging positibo, pasensiyoso at magbigay ng suporta.
- Turuan silang manood, makinig, mag-isip at magtanong.
- Pakinggan ang mga anak mo at bigyan sila ng boses.
- Hayaan ang anak mong magpasya kapag kailangan nila ng tulong – iwasang 'akuin'.



## Ang paglalaro ay trabaho sa bata

Ang paglalaro ay makapangyarihan at likas na paraan para matuto ang mga bata. Sa pamamagitan ng paglalaro, ang mga bata ay umuunlad nang pisikal, social, emosyonal at cognitive (talino). Kasama sa paglalaro ang pag-akyat, paggawa ng mga kahong bahay, pagbibihis, pagpapanggap, pagsasayaw, pagsusulat, pagbibilang, paggawa ng mga puzzle, pagguhit, pagbabasa, pagmumuni-muni, pagbuo ng mga bagay, pagpili, paggalugad sa materyales, pagsubok ng mga ideya, pagbuo ng kumpiyansa, pagbabahagi sa ibang tao… at marami pang iba!

## Ano ang magagawa ko?

- Hayaang maglaro ang mga anak mo araw-araw.
- Hikayatin ang mga anak mong mag-imbento ng mga sarili nilang aktibidad at laro.
- Magkaroon ng mga kartong kahon, bola, balde, pala, mga pang-araw-araw na gamit sa bahay at mga pambihis na damit na mapaglalaruan.
- Isama sa paglalaro ang pagliligpit – hayaang magkalat habang naglalaro.


© Department of Education, Western Australia 2015



## MASAYA MAGBASA ARAW-ARAW – AT MAHALAGA

Nasisiyahan ang mga batang mabasahan at ang pagbabahagi ng mga libro ay mahusay na paraan para maglaan ng oras kasama ang iyong mga anak. Nakakatulong din itong palawakin ang kanilang bokabularyo at makita na pinahahalagahan mo ang pagbabasa.

### Ano ang magagawa ko?

- Magkuwento, bumigkas at kumanta ng mga rhyme, tula at mga kanta. Gumawa ng mga aksiyon.
- Pag-usapan ang mga salita at mga numerong nakikita mo kapag kayo ay nasa labas at may ginagawa.
- Basahan ang mga anak mo mula sa mga dyaryo, basurang mail, mga elektronikong device at mga magasin, pati na mga libro
- Magbasa ng malawak na saklaw ng mga bagay – maaaring kasama rito ang mga nakalimbag na libro at mga kuwento sa mga elektronikong device.
- Paulit-ulit na basahin ang mga paboritong kuwento.
- Kapag binabasahan ang iyong mga anak, sundan ang mga salita gamit ang iyong daliri, ituro ang mga larawan at pag-usapan ang kuwento.
- Hayaang magpanggap ang mga anak mong magbasa. Nagpapanggap ang mga batang magbasa sa pag-iimbento ng kuwento. Magandang panimula ito.
- Ipakita sa mga anak mo kung paano aalagaan ang mga libro katulad ng maingat na paglipat ng mga pahina.
- Kung hindi nagpapakita ng interes ang mga anak mo sa anumang partikuar na libro, huwag silang pilitin.
- Iwasan ang mga istorbo kapag nagbabasa kayo ng mga anak mo – halimbawa, patayin ang telebisyon.
- Pumunta sa lokal niyong aklatan at magtanong tungkol sa mga programang pinatatakbo nila para sa mga magulang at mga bata.

© Department of Education, Western Australia 2015




© Department of Education, Western Australia 2015

# MATUTO TUNGKOL SA MUNDO

Ang mundo ay nakakaengganyong lugar na puno ng mga bagay para ang mga anak mo ay mamangha at tumuklas. Habang nagsisimulang mag-obserba at sumubok ang mga anak mo, samahan sila at galugarin ang bahay, hardin at kapitbahayan nang magkasama.

Kapag nagtatanong ang mga anak mo ng *Bakit?* at *Paano?* natututo sila ng kritikal na pag-iisip.

## Ano ang magagawa ko?

- Hikayatin ang mga anak mong magtanong. Pag-usapan,, kilusan at pag-isipan ang mga problema.
- Magtanong sa mga anak mo. Talakayin ang kanilang mga sagot at ideya.
- Tulungan ang anak mong matuklasan ang mundo sa paligid nila at mag-eksperimento sa mga pang-araw-araw na bagay. Halimbawa: *Bakit ang ilang mga bagay ay lumulutang at ang iba ay lumulubog sa paliguan? Saan nanggagaling ang ulan? Paano gumagawa ng mga sapot ang mga gagamba?*
- Magbahagi ng mga aktibidad katulad ng paggawa ng play dough at paghihip ng mga bula.
- Kausapin ang mga anak mo tungkol sa teknolohiyang ginagawa natin bawat araw at bakit natin ito ginagamit.
- Maglaan ng oras sa pagbuo ng mga pang-araw-araw na bagay, mga block at mga laruan kasama ang anak mo.



# MATUTONG TUMUON AT MAG-CONCENTRATE

Ang mga laro ay masayang paraan para tulungan ang anak mong buuin ang kanilang kakayahang tumuon at mag-concentrate.


## Ano ang magagawa ko?

- Magtago ng mga magkakaibang bagay sa labas at paligid ng bahay. Magsayang magkasamang hanapin ito.
- Uriin ang mga bagay ayon sa laki, kulay at hugis, katulad ng blocks, pakete ng lpagkain, mga laruan ay mga peg.
- Maglaro ng *Ano ang nasa plato?* Maglagay ng bagay sa plato. Matapos nilang tingnan ang bagay, ipapikit sa mga anak mo ang kanilang mga mata at tanungin sila *Ano ang nasa plato?* Dagdagan ang bilang ng mga bagay sa dalawa, tatlo at apat. Patingnan sa kanila ang plato tuwing bago ipikit ang kanilang mga mata at tanungin sila *Ano ang nasa plato?* Tingnan kung ilang bagay ang kanilang maaalala. Magbigayan ng pagkakataon. Maglagay ng tatlong bagay sa plato – alisin ang isa. Hulaan kung alin ang nawala.
- Kumanta ng mga nursery rhyme at kanta na katulad ng *Old McDonald had a farm* para mapahusay ang mga kahusayan sa pagbibilang at memorya.
- Maghanap ng mga salitang nagsisimula sa *b* at ibang mga letra kapag magsasama kayong namimili.

© Department of Education, Western Australia 2015

# MGA PARAAN UPANG MA-DEVELOP ANG MGA KAHUSAYAN SA MATEMATIKA, PAGBABASA AT PAGSUSULAT

**Natututo ang mga bata ng matematika, pagbabasa at pagsusulat habang sila ay naglalaro.**



## Ano ang magagawa ko?

- Maglaro ng 'tindahan' gamit ang mga bagay sa kusina gamit ang mga shopping bag, pitaka at laruang pera.
- Gumawa ng scrapbook na may mga guhit, larawan, sertipiko, birthday card, liham at mga tiket mula sa mga lugar na magkasama niyong binisita.
- Magsulat ng mga kaganapan sa kalendaryo katulad ng mga kaarawan at mga espesyal na pagdiriwang at talakayin ito sa iyong mga anak.
- Gumawa ng mga birthday card, pampapasalamat na card at mga imbitasyon para ipadala sa pamilya at mga kaibigan.
- Maglaan ng lugar para markahan, sulatan at guhitan ng iyong mga anak. Gumamit ng scratch paper, mga marker pen, crayon, lapis, mha lumang sobre at card.
- Ipakita ang mga guhit ng mga anak mo at pag-usapan ang mga guhit na naroon.
- Maglagay ng board ng mensahe at magsulatan. Magagawa mong masasayang oras ng pag-aaral ang mga pang-araw-araw na gawain.
- Magkasamang magluto ng mga simpleng bagay. Basahin at pag-usapan ang mga recipe. Bigyan ang mga anak mo ng mga simpleng direksiyong susundin.
- Hikayatin ang mga anak mong makahanap ng mga sangkap sa kusina at sukatin ito.
- Hiwain ang pagkain at pag-usapan ang tungkol sa laki, hugis, kulay at lasa.


© Department of Education, Western Australia 2015



## Pamimili

- Magkasamang magsulat ng mga listahan ng bibilhin. 'Ipabasa' sa mga anak mo ang mga bagay sa listahan habang kayo ay namimili. Magpatulong sa kanilang mahanap ang mga bagay na alam nila.
- Bilangan ang mga prutas at gulay habang inilalagay niyo ito sa mga bag.
- Pag-usapan ang magkakaibang uri ng pera katulad ng mga barya, papel na pera at mga card.
- Ipabigay sa mga anak mo ang pera at kunin ang sukli sa bayaran. Tulungan silang mag-scan ng mga bagay o maghanap ng prutas at gulay kapag ginagamit ang mga self-serve na bayaran.
- I-unpack at uriin ang pinamili sa bahay nang magkasama. Pag-usapan ang laki at hugis ng mga bagay habang niliiligpit niyo ito.

© Department of Education, Western Australia 2015

# PAGPAPALAKI NG MGA MASASAYANG BATA

Ang mga batang lumalaki sa mapagsuporta, mapagtiwala at ligtas na mga tahanan ay mas malamang na magiging masaya at kumpiyansa, at nasisiyahang makasama ang ibang tao.

Ang mga batang mataas ang tingin sa sarili ay nakakaramdam ng pagpapahalaga at respeto. Kapag pinagkakatiwalaan ng mga bata ang mga nag-aalaga sa kanila, nagkakaron sila ng diwa ng pagiging bahagi at lumalaking may kumpiyansa na gumalugad, matuto at makipagkaibigan.

## Ano ang magagawa ko?

- Upang buuin ang pananw ng anak mo sa sarili, maglaan ng oras kasama sila sa pakikipag-usap, paglalaro at pagiging masaya.
- Hikayatin ang mga pagsusumikap ng mga nak mo kapag sumusubok sila ng mga bagong bagay at madalas sabihin sa kanila na mahal mo sila.
- Hikayatin ang mga anak mong makipag-kaibigan, magbahagi ng mga pagkakataongmaglaro at ipakita ang mga pagguhit at konstruksiyong ginawa nila.
- Hingin ang kanilang mga opinyon at kilusan ang mga ideya nila kung saan angkop.
- Tulungan ang mga anak mong lumutas ng mga problema – huwag gawin ang lahat para sa kanila.
- Mamuno sa pamamagitan ng halimbawa para tulungan ang mga anak mong matuto ng mabuting asal – imodelo ang pagpapahalaga at pagpapasalamat, halimbawa, sa pagsabi ng salamat.
- Tulungan ang mga anak mong mag-relax.
- Matuto tungkol sa mga pakirama sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga anak mo tungkol sa nararamdaman nila. Halimbawa: *Tila ikaw ay masaya…malungkot…takot*.
- Pag-usapan kung paaano maaari ang pakiramdam ng ibang tao. Halimbawa:
  *Ano sa palagay mo ang mararamdaman ni Harry kapag may kumuha sa mga laruan niya? Napasaya mo si Harry nung ibinahagi mo ang iyong mga laruan sa kanya*.
- Pakinggan ang mga anak mo. Alamin ang sinasabi nila at ginagawa. Ano ang sinasabi sa iyo ng kanilang mga ikinikilos?

## Paggabay ng asal ng mga bata

Kailangan ng mga bata ng gabay at malinaw at hindi nagbabagong hangganan para matutong gumawa ng mahuhusay na pagpili sa buhay. Natututo ang mga bata tungkol sa mga patakaran sa tahanan at sa komunidad. Nagkakaroon sila ng pag-unawa ng mga kahihinatnan kapag ang mga patakaran ay hindi sinusundan. Kailangan rin ng mga anak mong makaramdam na sila ay ligtas at seguro habang inaaral nila ang mga patakaran.

Nagbabago ang asal ng mga bata sa ilang mga dahilan. Mahalaga kung paano tayo tutugon sa kanilang asal.

**Ang mga pakiramdam ay mahalagang bahagi ng social at emosyonal na pag-unlad ng mga anak mo.**


CC BY

© Department of Education, Western Australia 2015



Hulihin ang anak mo na gumagawa ng mabuti – huwag silang hintaying magkamali bago ka magkomento sa asal nila. Ang pagtutok sa negatibong asal ay nagbibigay ng atensiyon sa mga bata at maaaring magbigay diin sa mga maling asal. Ang paggantimpala sa mabuting asal sa pamamagitan ng pagyapos at komento ay nagbibigay sa mga anak mo ng atensiyon para sa mga tamang dahilan at nagtataguyod ng mabuting asal.

## Ano ang magagawa ko?

- Maging malinaw at huwag pabago-bago, at laging ituloy ang mga gantimpala at babala.
- Isaalang-alang ang mga edad at kakayahan ng mga anak mo. Tiyakin na makatwiran ang inaasahan mo mula sa kanila.
- Sabihin sa mga anak mo ang gusto mong gawin nila at ipaliwanag kung bakit. Halimbawa: *Pakihawakan ang kamay ko kapag tumatawid tayo sa kalye dahil gusto kong ligtas ka*.
- Bigyan ng mga pagpipilian ang anak mo. Halimbawa: *Maaari mong hawakan ang aking kamay o ang stroller habang tumatawid tayo sa kalye. Ano ang gusto mong gawin?*
- Puriin ang mga anak mo kapag sinunod nila ang iyong mga tagubilin at linawin kung ano ang maganda nilang nagawa. Halimbawa: *Gusto ko kung paano mo hinawakan ang kamay ko nung naglakad tayo sa kabilang lakaran.*
- Magmodelo ng mabuting asal at mamuno gamit ang halimbawa. Umasal kung paano mo nais umasal ang mga anak mo.
- Pag-isipan kung ano ang gagawin mo kung hindi tamang umasal ang mga anak mo. Kausapin ang mga ibang magulang tungkol sa mga ideya sa pamamahala ng asal.
- Magpasensiya. Matagal matuto ng mga bagong bagay. Respetuhin ang mga pangangailangan at pakiramdam nila.

Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa lokal mong paaralan o Sentro ng Bata at Magulang.

© Department of Education, Western Australia 2015

# MALUSOG NA KATAWAN, MALUSOG NAISIPAN

Ikaw ang pinakamahalagang modelo ng tungkulin ng iyong mga anak. Ang pinakamahusay na paraan para matiyak na ang mga anak mo ay makagawa ng kasanayang mabuti sa kalusugan ay mamuno sa pamamagitan ng halimbawa.

Ipinapakita ng pananaliksik na ang mabuting pagkain, pagiging aktibo at pagtulog nang mahaba ay mahalaga sa kalusugan ng mga bata at kahusayan ng kalagayan.

Ang mabubuting pagkain ay nagbibigay sa mga bata ng mga nutrisyon para lumaki, umunlad, makapag-concentrate at matuto nang mabuti.

Ang mga batay ay dapat pisikal na aktibo at sa paghihikayat niyo, hindi ito mahirap gawin.

Ang pagiging aktibo ay nakakatulong sa mga anak niyong umunlad:

- mga kahusayang social, wika at komunikasyon
- postura, paggalaw, balanse at flexibility
- pagtingin sa sarili a kumpiyansa sa sarili
- mga kalamnan, malulusog na buto at malusog na puso.

**Tiyakin na ang mga anak niyo ay umiinm ng madaming tubig kapag nag-eehersisyo at naglalaro.**




© Department of Education, Western Australia 2015

## Ano ang magagawa ko?

- Pakainin ang mga anak mo ng masustansiyang almusal tuwing umaga.
- Bigyan ang anak mo ng magkakaibang pagkain sa araw para sakupin ang limang pangkat ng pagkain. Gumamit ng magkakaibang kulay, texture, hugis at panlasa para panatiliing kaaya-aya ang mga pagkain at meryenda.
- Ang tubig ang pinakamahusay na inumin para sa mga anak mo.
- Kapag naghahanda ng mga pagkain, magpatulong sa mga anak mo sa paghahanda gamit ang mga sariwang sngkap na magkasama niyong napili.
- Maglakad sa halip na magmaneho ng kotse kailanman pwede.
- Maglaro sa labas at sa lokal na parke.
- Mamisikleta ang pamilya o maglakad at maglaro ng games habang ginagawa ito.

## Matulog nang tama, matulog nang mahimbing

Hindi laging gusto ng mga bata ang oras ng pagtulog, pero alam mo ba na ang mga batang nasa edad na nasa pagitan ng tatlo at lima ay kailangan ng nasa pagitan ng 10 at 13 oras ng pagtulog sa bawat gabi? Ang mapapagpahingang tulog ay nakakatulong sa mga anak mong maipanumbalik ang enerhiya. Mahalagang magmentina ng pang-araw-araw na iskedyul ng pagtulog at hindi nagbabagong rutina sa oras ng pagtulog.

**Kung nagkakaproblema kang mapatulog nang mabuti ang mga anak mo, bumisita sa doktor o sa lokal niyong nurse na pangkalusugan ng bata.**

**Nakakatulong ang mga kuwento sa oras ng pagtulog para maihanda ang mga bata sa pagtulog. Gumamit ng magkakaibang boses para sa magkakaibang character. Ang madalas na pagbabasa ng parehong libro ay nakakatulong sa mga batang matandaan ang kuwento.**

© Department of Education, Western Australia 2015

CC BY

# PAGLILIBANG AT PAGTUTO GAMIT ANG TEKNOLOHIYA

## Telebisyon at ibang elektronikong media

Kapag ginamit sa tamang paraan para mag-udyok ng mga pag-uusap, para matutunan ang tungkol sa mundo o para sa panandaliang pagre-relax, ang telebisyon, mga DVD at mga elektronikong games ay maaaring kapaki-pakinabang sa mga anak mo. Subalit, ang masyadong pagkalantad ay maaaring mapanganib.

Ang oras ng pagharap sa screen ay makakaapekto sa pagbuo ng anak mo ng salita, pakikinig at pag-concentrate. Ang panonood ng telebisyo at paglalaro ng mga electronikong laro ay one-way na komunikasyon. Kaugnay ng two-way na komunikasyon ang pakikinig, pagsasalita at pag-iisip kasama ang ibang tao.

## Mga batang online – paano maging cyber safe

Nagbubukas ang internet ng bintana sa mundo ng kasiyahan at pagtuto. Ang mga batang nasa edad na dalawa hanggang pitong taong gulang ay sapat na ang gulang para magsimulang matuto tungkol sa mga computer at galugarin ang internet nang may suporta at superbisyon.

Ilagay ang computer sa lugar ng pamilya kung saan mo makikita kung ano ang ginagawa ng mga anak mo.



## Ano ang magagawa ko?

- Limitahin ang lahat ng oras ng pagharap sa screen sa mas kaunti sa isang oras sa bawat araw.
- Patayin ang telebisyon kapag walang nanonood.
- Pumili ng mga palabas kasama ang mga anak mo na bagay sa pangkat ng edad nila.
- Pahintulutan ang mga anak mong panoorin ang parehong DVD nang paulit-ulit. Ang pag-ulit ng mga parirala at salita ay magpapadali na matuto ang mga anak mo.
- Samahan ang mga anak mong manood ng telebisyon ay mga DVD. Pag-usapan kung ano ang mangyayari.
- Huwag maglagay ng mga telebisyon at computer sa mga kuwarto ng bata.


© Department of Education, Western Australia 2015

# SUPORTA SA MGA PAMILYANG MAY MGA BATANG BATA

## Mga Senro ng Bata at Magulang

Para matulungan ang mga anak mong makuha ang pinakamahusay na pagsisimula sa buhay para magsimula sila sa paaralan na handa at nais matuto, bumisita sa isa sa aming 16 na Mga Sentro ng Bata at Magulang na nasa buong Western Australia.

Ang Mga Sentro ng Bata at Magulang ay nagbibigay ng saklaw ng pang-edukasyon, pangkalusugan at panlipunang suportang programa para sa mga pamilya na katulad ng:

- mga serbisyong kalusugang maternal at ng bata
- maagang pagtuto at mga programang suporta sa bata
- mga pagsangguni sa mga ibang serbisyo
- suporta sa pagiging magulang at pamilya, kabilang ang Triple P (Positive Parenting Program).

Ang bawat sentro ay nasa pampublikong paaralan, nagbibigay sa iyo ng madaling access sa mga pasilidad nila. Binibigyan din nito ang lokal mong paaralan at mga nakapaligid na paaralan ng pagkakataong makipagtulungan sa iyo mula sa pagpapaanak ng anak mo hanggang sa pagsisimulang pumasok sa paaralan at higit pa.

Ang mga sentro ay pinamamahalaan ng mga organisasyon sa komunidad na bukas sa lahat ng mga batang pamilya sa lokal na komunidad. Ang mga programa ay pinasadya para matiyak na ang mga serbisyong pinakakailangan sa lugar ay malawakang makukuha.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa Mga Sentro ng Bata at Magulang at para mahanap ang sentrong pinakamalapit sa iyo, bumisita sa **education.wa.edu.au**.

## Sumali sa pangkat ng paglalaro

Maraming paaralan ay mga mga ugnayan sa mga lokal na pangkat ng paglalaro kung saan ang mga magulang na may mga batang bata ay regular na nagkikita para maglaro at matuto nang magkakasama sa masayang kapaligiran. Magtanong sa lokal mong paaralan o pumunta sa **playgroupwa.com.au** para sa mga pangkat ng paglalaro sa lugar niyo.



© Department of Education, Western Australia 2015




# PAGSISIMULA SA PAARALAN

## Pagigjng kaugnay

Pinahahalagahan ng mga paaralan ang matitibay na pakikipagsosyo sa mga pamilya. Bilang una at pinakamahalagang makabuluhang guro ng mga anak mo, patuloy mong maiimpluwensiyahan ang pagtuto ng mga anak mo habang nagpoprogreso sila sa paaralan. Ang tagumpay ng mga anak mo sa paaralan ay lalago mula sa three-way na pakikipag-sosyo sa pagitan mo, ng paaralan at ng iyong mga anak. Marami ka ring maihahandog sa paaralan ng iyong anak.


© Department of Education, Western Australia 2015

## Pagsisimula sa Kindergarten

Ang Kindergarten ay nakakaayang lugar. Ito ang unang karanasan ng mga anak mo sa paaralan.

Hinihikayat ng guro ang mga batang higit na mapaunlad ang pagkamangha nila at kagalakang matuto, gumalugad at magmuni-muni. Higit sa lahat, nais ng guro hikayatin ang mga batang makaranas ng panghabang-buhay na interes na matuto.

Kindergarten, bagaman hindi kompulsaryo, ay para sa lahat ng mga bata at ang regular na pagpasok ay talagang nirerekomenda dahil binubuo ito sa pag-aaral ng nagawa mo sa bahay nang magkasama.

Ang mga programa sa Kindergarten ay 15 oras bawat linggo. Makipag-usap sa lokal mong paaralan para malaman kung paano pinatatakbo ang programang Kindergarten.

Karamihan ng mga paaralan ay nag-iimbita sa mga magulang sa araw/ sesyon ng oryentasyon. Ekselenteng pagkakataon ito na matutunan ang programa at lumahok sa mga organisadong aktibidad.

**Para mag-enrol, ang mga bata ay dapat apat na taong gulang pagsapit ng Hunyo 30 sa taong papasok sila sa Kindergarten.**

**Ang aming mga online na buklet at factsheet ay may kasamang impormasyon tungkol sa kung ang maaasahan mo at paano ka mo masusuportahan ang mga anak mo habang nagsisimula sila sa mga tatahakin nila sa paaralan. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa education.wa.edu.au.**

## Pagsisimula ng Pre-primary

Ang Pre-primary ay ang unang kompulsaryong taon ng pag-aaral sa Western Australia.

Dito ay bumubuo ang mga anak mo sa mga kahusayang natutunan nila sa Kindergarten at matututo sa mas nakaayos na paraan.

Sa Pre-primary, tinatasa ang mga bata sa kanilang mga kahusayan sa literacy at numero. Ang on-entry na pagtatasang ito ay nakakatulong sa mga guro na planuhin ang pinakamahusay na mga programa sa pag-aaral para sa mga pangangailangan ng mga anak mo.

**Para mag-enrol, ang mga bata ay dapat limang taong gulang pagsapit ng Hunyo 30 sa taong papasok sila sa Pre-primary.**

## Australian Early Development Census (AEDC)

Ang AEDC ay ang pangkabuuang Australia na census na nakumpleto ng mga guro sa Pre-primary na nagkakalap ng impormasyon sa limang pangunahing lugar ng pag-unlad ng mga bata:

- pisikal na kalusugan at kahusayan ng kalagayan
- kakayahan sa lipunan
- emosyonal na maturity
- mga kahusayan sa wika at cognitive
- mga kahusayan sa komunikasyon at pangkalahatang kaalaman.

Ang impormasyong nakolekta ay iuulat sa mga lebel na nasyonal. estado/ teritoryo at komunidad. Ang indibiduwal na impormasyon tungkol sa mga bata ay nananatiling kumpedensiyal.
Kokolektahin ang AEDC tuwing tatlong taon.

Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa **aedc.gov.au.**

© Department of Education, Western Australia 2015 CC BY

Maaaring naaaya na ang mga anak mo sa pagsisimula sa pagpasok sa paaralan, pero maaaring masobrahan sila nito.

Narito ang mga simple at praktikal na paraan kung paano ka makakatulong na ihanda sila sa pagpasok sa paaralan:

- Magbasa ng mga kuwento kasama ang anak mo sa pagsisimulang pumasok sa paaralan.
- Sumali sa pangkat ng paglalato na kaugnay ng paaralan – dumadami na ang mga paaralan na nakikipagsosyo sa mga pinatatakbo ng magulang na pangkat ng paglalaro kung saan ang mga anak mo ay maaaring makipaglaro sa ibang mga bata na kaedad niya.
- Lagpasan ang paaraalan at kausapin ang mga anak mo tungkol sa kung paano sila pupumta doon sa lalong madaling panahon, ang mga kaaya-ayang bagay na gagawin nila at ang mga magiging bagong kaibigan nila.

## Kailan maaaring magsimula sa paaralan ang aking anak?

| Taon ng panganganak | Kindergarten | Pre-primary | Taon 1 |
|---|---|---|---|
| 1 Hulyo 2010 hanggang 30 Hunyo 2011 | 2015 | 2016 | 2017 |
| 1 Hulyo 2011 hanggang 30 Hunyo 2012 | 2016 | 2017 | 2018 |
| 1 Hulyo 2012 hanggang 30 Hunyo 2013 | 2017 | 2018 | 2019 |
| 1 Hulyo 2013 hanggang 30 Hunyo 2014 | 2018 | 2019 | 2020 |
| 1 Hulyo 2014 hanggang 30 Hunyo 2015 | 2019 | 2020 | 2021 |
| 1 Hulyo 2015 hanggang 30 Hunyo 2016 | 2020 | 2021 | 2022 |
| 1 Hulyo 2016 hanggang 30 Hunyo 2017 | 2021 | 2022 | 2023 |
| 1 Hulyo 2017 hanggang 30 Hunyo 2018 | 2022 | 2023 | 2024 |




© Department of Education, Western Australia 2015



Para sa mga online na kagamitan katulad ng mga booklet at mga factsheet at para makatuklas ng higit pa tungkol sa maaagang taon ng edukasyon, Kindergarten at Pre-primary, bumisita sa lokal niyong paaralan o pumunta sa **education.wa.edu.au**.

© Department of Education, Western Australia 2015



ISBN 978-0-7307-4560-0
9 780730 745600

© Department of Education, Western Australia 2015